3
Grade

(GCED)

# Global Citizenship Education

## Lesson Exemplar

# EDUKASYON SA PAGPAPAPAKATAO

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding, Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Edukasyon sa Pagpapakatao
Grade Level: 3
Title: Talento at Kakayahan Ko, Ibabahagi Ko!
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: Donna B. Aquino

Layout Artist: John Ray D. Barcena

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editors: Maria Lourdes Quisumbing-Baybay and Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Developmental Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Floyd G. Aquino, Flor-Anne D. Gonzales, Yvette Marie R. Muyco, Alester D. Oca, Lisette Philline C. Rivera, Richard C. Agustin, John Bren M. Dolor, Joseph Joy G. Havana, Francis Albert B. Mendoza, Jovel J. Oberio, Hel S. Patricio, Reynante M. Sofera, and Jinx D. Villas

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-85-1
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-060

**Learning Area:** Edukasyon sa Pagpapakatao

**Grade Level:** 3

**Quarter:** 1st

**GCED Domain/s:** Cognitive, Socio-Emotional, and Behavioral

**GCED Indicator/s:**

D1.1.e Evaluate appropriate actions, consequences, and implications

D.2.1.e Commit to assume responsibility, mutual assistance, cooperation, and collaboration in various contexts in the world

**GCED Topic/s:**

T2 Culture and International Relations

**Enhanced Content Standard/s:**

Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng sariling kakayahan, pagkakaroon ng tiwala, pangangalaga, pag-iingat sa sarili tungo sa kabutihan at kaayusan ng pamilya at pamayanan, at paniniwala sa sariling kakayahan na makibahagi at magtagumpay sa isang patas na daigdig.

**Enhanced Performance Standard/s:**

1) Naipakikita ang natatanging kakayahan sa iba't ibang etikal at responsableng pamamaraan nang may tiwala, katapatan, at katatagan ng loob; 2) Naisasabuhay ang iba't ibang patunay ng pangangalaga at pag-iingat para mapaunlad ang sarili

**Time Allotment:**

30 minutes

# TABLE OF CONTENTS


| | |
|---|---|
| **Lesson Title** | 2 |
| **Lesson Introduction** | 3 |
| Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) | 3 |
| Pretest (What I Know / Subukin) | 4 |
| **Lesson Proper** | 5 |
| Review (What's In / Balikan) | 5 |
| Activity (What's New/ Tuklasin) | 6 |
| Discussion (What is It / Talakayin) | 7-9 |
| Generalization (What I Have Learned/ Isaisip) | 10 |
| Reflection (Why is it meaningful and relevant /Isapuso) | 11 |
| Application (What I Can Do / Isagawa) | 12 |
| Assessment / Tayahin | 13 |
| Answer Key / Susi sa Pagwawasto | 14 |
| References / Sanggunian | 15-17 |

# TALENTO AT KAKAYAHAN KO,

## IBABAHAGI KO!



# LESSON INTRODUCTION

Marami kang mga regalo at talento na handog sa iyo. Ang ilan ay maaaring hindi mo pa nalalaman! Sa iyong paglaki ay maaari mo itong magamit upang higit mong mapaunlad ang iyong sarili.

Sa araling ito ay matutuhan mo ang kahalagahan sa paglinang ng iyong kaloob na mga talento at kakayahan, ang pagbabahagi ng mga ito sa kapwa at pagtitiwala sa sarili.

Handa ka na ba? Simulan na natin!

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Matapos ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakatutukoy ng natatanging kakayahan;
2. Nadarama ang higit na pagnanais na maibahagi ang talento sa lokal at global na aspekto;
3. Nakapagpapakita ng natatanging mga kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili.

# PRETEST

## (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

**TAMA O MALI**

Isulat ang T kung tama ang bawat pahayag at M kung mali.

________1. Ang talento at kakayahan ay para lamang sa piling tao.

________2. Ang mga talento ay kaloob o regalo sa atin.

________3. Ang pagpapaunlad ng talento ay isa sa mga tungkulin sa sarili.

________4. Iba't iba ang kakayahan ng bawat tao kaya ito ay dapat ipagyabang.

________5. Ang pagbabahagi ng talento ay isang paraan ng mabuting pakikipag-ugnayan.

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)

**"HULAAN MO TALENTO KO!"**

Tunghayan ang mga nasa larawan. Anu-ano ang kanilang ipinakikita?



PAG-S__YA__



PAGT__T__N__M




PAG-A__I__



I__P__R__S



PAGL__L__T__



M__T__MA__EK__

Sagutin ang sumusunod na tanong:


1. Bukod sa mga larawan sa itaas, anu-ano pa ang maaaring idagdag na talento o kakayahan?
2. Sa mga nabuong salita, alin sa mga ito ang palagi mong ginagawa?
3. Masaya ka ba kapag naipakikita mo ang kakayahang ito sa ibang tao? Bakit?
4. Ano ang dapat mong gawin kapag medyo kinakabahan ka pa sa pagpapakita ng iyong kakayahan?

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)

**Talento at Kakayahan mo, Iguhit Mo!**

Panuto: Iguhit sa tatlong brilyante kung ano-ano sa tingin mo ang iyong pinakamahusay na nagagawa na kakayahan o talento.



# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

### Tandaan Natin

Lahat tayo ay may kani-kaniyang kakayahan. Ilan sa mga ito ay ang kahusayan sa pag-awit, pag-arte, pagsasayaw, pagtula, pagsulat, pagguhit, at isport. Kabilang din dito ang kagalingan sa pagluluto, pagtatanim, matematika, pamumuno, at pakikipagkapwa.

Ang kakayahan ng bawat tao ay itinuturing na regalo o kaloob. Ito ay dapat na gamitin at linangin sapagkat nakapagbibigay ito sa atin ng sariling pagkakakilanlan. Ito ay mapapaunlad sa pamamagitan ng tulong ng ating mga magulang, guro, kaklase at mga kaibigan sa pamamagitan ng pagbabahagi nito sa paggawa ng mabuti sa kanila.

Magkasingkahulugan ba ang talento at kakayahan? Ayon sa mga sikolohistang sina Thorndike at Barnhart, sa kanilang Beginning Dictionary, ang talento ay isang pambihira at likas na kakayahan. Sa kabilang banda, ang kakayahan ay kalakasan (power o mas akmang, intellectual power) upang makagawa ng isang pambihirang bagay tulad ng kakayahan sa musika o kakayahan sa sining. Madalas sinasabi ng mga sikolohista na ang talento ay may kinalaman sa genetics o mga pambihirang katangiang minana sa magulang. Ang kakayahan naman ay likas o tinataglay ng tao dahil na rin sa kanyang intellect o kakayahang mag-isip. Sa gayon ang kahusayan sa isang larangan ay ayon sa kanyang kakayahan (intellectual ability).


Maraming sikat na tao ang nakilala sa buong mundo dahil sa kanilang kakayahan at talento.


Sa ating bansa, ilan sa mga halimbawa ay sina Dr. Jose Rizal, Andres Bonifacio at dating pangulong Corazon Aquino.

Si Dr. Jose Rizal ay naging tanyag sa kanyang kahanga-hangang paraan ng mapayapang pakikipagdigma gamit ang kanyang talento sa pagsusulat ng mga nobela at pahayagan upang makamit ang kalayaan. Sa kabilang dako, si Andres Bonifacio ay nakilala bilang isang magiting na bayani na taglay ang katapangan at tiwala sa sarili. Siya ay tinaguriang Ama ng Himagsikan dahil sa kanyang kahusayan sa pamumuno laban sa mga mang-aapi.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)








Ganoon din ang dating pangulong Corazon Aquino na nakilala sa kanyang paraan ng demokratikong pamumuno. Siya ay nanindigan upang matamo ang demokrasya ng bansa.



Sa kasalukuyang panahon, sina Michael Cinco at Rajo Laurel ay kabilang sa mga Pilipinong tanyag bilang fashion designer sa buong mundo. Ang kanilang mga obra ay tinatangkilik hindi lamang ng mga Pilipino kundi ng mga dayuhan sa iba't ibang panig ng daigdig. Sa kanilang pagbabahagi ng talento, nakatutulong sila ng malaki sa pagbibigay ng karangalan sa bansa at sa pagpapayaman ng kulturang Pilipino.

Dagdag pa rito, tanyag rin sa larangan ng sining si Whang-od Oggay na may edad na 103 taon. Siya ay sikat na mambabatok o tattoo artist na may pambihirang kakayahan sa pagpipinta sa katawan. Sa kabila ng kanyang edad, siya ay magiliw na tumatanggap ng mga taong nais magkaroon ng tattoo, maging sila man ay mga dayuhang may ibang kultura.



Maging ang batang tulad mo ay maaari ring magbahagi ng talento at kakayahan. Isa sa mga tanyag na kabataan ang grupong TNT Boys. Itinaas nila ang bandera ng bansa at pinahanga ang buong mundo sa isang international talent competition na "The World's Best," at nailathala pa sa website ng kilalang news organization na BBC. Unang nakilala sina Mackie, Keifer, at Francis bilang grand

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

finalists ng "Tawag ng Tanghalan Kids" at nabuo bilang grupo noong 2017. Matinding galing sa pag-awit ang kanilang ipinamalas na nagdala sa kanila sa iba't ibang panig ng mundo, kabilang na sa "Little Big Shots" UK, US, at Australia, at nakapag-perform na rin sila sa harap ng iba't ibang head of states gaya nina Pangulong Rodrigo Duterte, Singaporean president Halimah Yacob, at Papua New Guinea Prime Minister Peter O' Neill. Sila rin ang itinanghal na grand winner ng ikalawang season ng "Your Face Sounds Familiar Kids."





Kamakailan lamang ay gumawa na naman ng isang pambihirang tala ang isang Pinay sa larangan ng Weightlifting na kinilala sa buong mundo. Siya ay si Hidilyn Diaz na kauna-unahang Pinay na nakasungkit ng ginintuang medalya sa Tokyo Olympics.

Sa kanilang angking talento at kahusayan na ipinamalas maging sa ibang lahi, napatutunayan natin na kaya nating bumuo ng magandang samahan o pakikipag-ugnayan sa lahat ng tao sa daigdig. Bukod pa rito, ang ating mga talento at kakayahan ay nakatutulong sa pagbibigay ng inspirasyon na gumawa ng mabuti hindi lamang para sa ating sarili kundi maging sa kapwa at sa mundo.

Bilang isang bata, mahalaga na malaman mo ang iyong mga kakayahan. Ang mga ito ay dapat na patuloy na nililinang o pinauunlad para higit na magkaroon ng tiwala sa sarili. Kailangan natin itong gamitin hindi lamang para sa ating sariling kapakanan kundi para na rin sa kapakanan at ikasasaya ng ibang tao.

Palagi mong tatandaan na ang anomang kakayahan na mayroon ka ay dapat ipinapakita sa iba nang may buong pagtitiwala sa sarili upang ito ay higit na malinang.

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED/ISAISIP)

**Pagkumpleto ng Pangungusap**



| |
|---|
| Anu-ano ang mga natutuhan mo sa araling ito?<br><br>Bilang isang mag – aaral, batay sa ating paksang tinalakay, ano kaya ang susi upang mapagtagumpayan mo ang iyong pag – aaral? |

Ang aking natutuhan sa aralin ay ______________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
__________.

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)

**TALENTO AT KAKAYAHAN KO,**

**IPAGMAMALAKI KO**

Donna B. Aquino



Ang talento at kakayahan ay biyaya buhat sa Diyos
na dapat nating ipagpasalamat ng lubos
mga handog Niya'y ating isipin
ito ay gamitin sa mabuting gawain.

Pag-awit, pagsayaw, pagpipinta
pagtugtog ng mga kagamitang pang musika
mga iba't ibang isports, mga kakayahang ating taglay
gamitin nang wasto upang buhay ay magkaroon ng kulay

Aking talento ay ibabahagi ko
sa aking pamilya, mga guro at kalaro
gagawin ang lahat ng makakaya ko
upang magdulot ng kasiyahan sa aking kapwa Pilipino.

1. Ano ang aral na makukuha sa tula?
______________________________________________
______________________________________________
__________________.

2. Ayon sa tula, kanino galing ang ating mga talento?
______________________________________________
______________________________________________
__________________

3. Para kanino naman ang ating mga talento at kakayahan?
______________________________________________
______________________________________________
__________________.

# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT I CAN DO/ISAGAWA)



Bumuo ng pangako tungkol sa iyong talento at kakayahan.

larawan

Ako si ______________________________________________.
Ako ay nasa _________(baitang) ng _________________________ (paaralan).

Kaya kong ___________________________________________
_____________________________________________________
Ibabahagi ko ang aking kakayahan sa tuwing may ____________________
_________________________________.

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

*"SAMPLE!!! SAMPLE!!!!"*



Magsama-sama ang mga may mga magka-katulad na talento o kakayahan.

Itanghal ito sa klase.

**Pamantayan sa Pagganap:**

a. Naipakita nang may kahusayan ang talento at kakayahan - 10 puntos

b. Naipakita ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili habang nagtatanghal – 5 puntos

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Pretest**

1. M
2. T
3. T
4. M
5. T

# REFERENCES

## SANGGUNIAN


De Guzman, Zyra R. Philippine GCED KSA Development and Integration. Learning Area: Edukasyon sa Pagpapakatao

https://phsedukasyonsapagpapakataogr7.weebly.com/modyul-2.html - Kahulugan ng Talento at Kakayahan

TNT Boys tuloy ang laban sa "The World's Best", nailathala rin sa BBC | ABS-CBN Entertainment

Images

shorturl.at/aesCV – Kid's talent clipart

https://www.google.com/search?q=pagsayaw+clipart&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=Gx1qbf6eltmsNM%252CZWjSi9AF9Q-T6M%252C_&vet=1&usg=AI4_-kRJwsEQeF-hVPiuhlzsVJGIMusA4cg&sa=X&ved=2ahUKEwjxxpy-38XyAhVZFIgKHcKyC5cQ9QF-6BAgREAE&biw=1280&bih=609#imgrc=Gx1qbf6eltmsNM

https://www.google.com/search?q=pagtatanim+clipart&tbm=isch&ved=2ahUKEwiujsLH38XyAhVSxIsBHUmgDJQQ2-cCegQIABAA&oq=pagtatanim+clipart&gs_lcp=CgNpbWcQAzIFCAAQgAQyBQgAEIAEMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjIGCAAQBxAeMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjIGCAAQBxAeMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjoHCAAQsQMQQzoICAAQgAQQsQM6BAgAEENQpJsJWJi1CWCCygloA3AAeACAAZQBiAGTC5IBBDEyLjOYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=0tgiYa7dGNKIr7wPycCyoAk&bih=609&biw=1280#imgrc=yefzzpUrRbjruM

https://www.google.com/search?q=pag+awit+clipart&tbm=isch&ved=2ahUKEwjjqY3w4MXyAhVaEKYKHRRTD3sQ2-cCegQIABAA&oq=pag+awit+clipart&gs_lcp=CgNpbWcQDDIFCAAQgAQyBggAEAcQHjIGCAAQBxAeMgYIABAFEB46BwgAELEDEEM6BAgAEEM6CAgAEAcQBRAeUNS-DVjT3A1gvfINaABwAHgAgAHFAYgByAuSAQM4LjaYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=M9oiYaPEOtqgmAWUpr3YBw&bih=609&biw=1280#imgrc=SskaE33CHigyMM&imgdii=-vx-V5bN-roSz4M

https://www.google.com/search?q=sports+clipart&tbm=isch&ved=2ahUKEwjo1-qS4MXyAhX6yIsBHX_yD1EQ2-cCegQIABAA&oq=sports+clipart&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgUIABCABDIFCAAQgAQyBQgAEIAEMgUIABCABDIFCAAQgAQyBQgAEIAEMgUIABCABDIFCAAQgAQyBQgAEIAEMgUIABCABDoGCAAQBxAeOgQIABBDOgcIABCxAxBDOggIABCABBCxA1CPvwtY2-ALYLruC2gAcAB4AIABc4gBnAySAQQxMC42mAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWfAAQE&sclient=img&ei=cNkiYejfFfqRr7wP_-S_iAU&bih=609&biw=1280#imgrc=pzQKT1Uew5I69M

# REFERENCES
## SANGGUNIAN


https://www.google.com/search?q=cook+clipart&tbm=isch&ved=2ahUKEw-jfspTu4sXyAhUDR5QKHQIWAU0Q2-cCegQIABAA&oq=cook+clipart&gs_lcp=CgN-pbWcQAzIHCAAQsQMQQzIECAAQQzIECAAQQzIFCAAQgAQyBQgAEIAEMgUIAB-CABDIFCAAQgAQyBQgAEIAEMgUIABCABDIFCAAQgAQ6CAgAEIAEELEDOgYIABA-HEB5Qio0CWNmhAmCIsAJoAHAAeACAAXaIAbISkgEFMTAuMTOYAQCgAQGqAQt-nd3Mtd2l6LWltZ8ABAQ&sclient=img&ei=SNwiYd_uLYOO0QSCrITоBA&bih=609&bi-w=1263&hl=en#imgrc=kIEyJ4zf1NX7rM

https://www.google.com/search?q=mathematician+clipart&tbm=isch&ved=2a-hUKEwjvormB48XyAhVC3pQKHcu-D4AQ2-cCegQIABAA&oq=mathematiciancli-part&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgYIABAHEB4yBggAEAcQHjIGCAAQBxAeOgQIABB-DOgUIABCABDoHCAAQsQMQQ1CZtApYo9wKYOLpCmgAcAB4AIABnwGIAccOk-gEEMTEuN5gBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sclient=img&ei=cdwiYa-mDMK-80wTL_b6ACA&bih=609&biw=1263&hl=en#imgrc=kbFXKw2UL8vIxM

shorturl.at/dnDI1 – Edukasyon sa Pagpapakatao 3 Kagamitan ng Mag-aaral

Tshorturl.at/gBHMO – Teacher png transparent

4Q_AUoAXoECAEQAw&biw=1280&bih=609#imgrc=P2q4M-FO_-WY8M

https://www.google.com/search?q=larawan+ni+dr+jose+rizal&tbm=isch&-source=iu&ictx=1&fir=PtcRu5WHcFbLvM%252CPqI5SnqnzUSxCM%252C_&vet=1&us-g=AI4_-kS3LHe9K5VgzuGfOYKxTrbg_Mo5GA&sa=X&ved=2ahUKEwiw8bXx28XyAh-VeQPUHHQkuASIQ9QF6BAgUEAE&biw=1280&bih=609#imgrc=PtcRu5WHcFbLvM

https://www.google.com/search?q=larawan+ni+andres+bonifacio&tbm=is-ch&ved=2ahUKwjS7sn028XyAhVg0IsBHaItDIAQ2cCegQIABAA&oq=larawan+ni+an-dres&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgUIABCABDIFCAAQgAQ6BggAEAUQHjoGCAAQC-BAeOgQIABAeOgQIABBDUNGpCliJ0QpgudwKaABwAHgAgAGFAYgB2BCSAQQwL-jE5mAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWfAAQE&sclient=img&ei=_9QiYZLzCeCgr7wPotu-4gAU&bih=609&biw=1280#imgrc=gRSe1TCKxkboDM

https://www.google.com/search?q=larawan+ni+corazon+c.+aquino&tb-m=isch&ved=2ahUKEwj3ws3W48XyAhU_y4sBHSSZDCUQ2-cCegQIABAA&oq=lar-awan+ni+coraz&gs_lcp=CgNpbWcQARgAMgUIABCABDIFCAAQgAQyBggAEAgQ-HjoECAAQQzoGCAAQBRAeOggIABCABBCxAzoECAAQGDoGCAAQChAYUIQW-WOhXYJlkaAFwAHgDgAFpiAG5GZIBBDMyLjWYAQCgAQGqAQtnd3Mtd2l6L-WltZ7ABAMABAQ&sclient=img&ei=I90iYbeIML-Wr7wPpLKyqAI&bih=609&bi-w=1263&hl=en#imgrc=QB1Q-RiHgKOJwM

# REFERENCES

## SANGGUNIAN


https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=r8D-S4c36&id=3DE039B4E43F0054A7526A81BA20A3DEF2D6EEF2&thid=OIP.r8DS4c36nOEpA76DcJ4LFwHaHl&mediaurl=https%3a%2f%2fprimer.com.ph%2fbeauty-fashion%2fwp-content%2fuploads%2fsites%2f7%2f2016%2f08%2fmi-chael-cinco.jpg&exph=590&expw=576&q=rajo+laurel+at+michael+cinco+larawan&sim-id=608023990352771959&FORM=IRPRST&ck=9229824A6E993AF7B65471CCBDC207C8&selectedIndex=24&ajaxhist=0&ajaxserp=0

https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=LXfJXg-JF&id=503D8828BBDE863A647D4DA6BFEF3655E620E539&thid=OIP.LXfJX-gJFwPfjdw6m6yTroQHaLH&mediaurl=https%3a%2f%2fimg.networthpost.org%2fthumbs%2f3123895_rajo-laurel%2f3123895_rajo-laurel_1.jpeg&exph=990&exp-w=660&q=rajo+laurel&simid=608003988690059216&FORM=IRPRST&ck=89064D21F874F-7835850C9C0B3B43D77&selectedIndex=0&ajaxhist=0&ajaxserp=0

https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=8xt-FgiyN&id=8765B048FD14BE6B37A125DE2E801EE82764143D&thid=OIP.8xtFgiyNVV7MbECDF_eHnQHaEK&mediaurl=https%3a%2f%2fi.yt-img.com%2fvi%2fJYfH9uw1GQA%2fmaxresdefault.jpg&exph=720&exp-w=1280&q=apo+whang-od+tattoo+kalinga+cordillera&simid=608000698744064775&-FORM=IRPRST&ck=A2D6AC240039534AD9F68BA4F22FD6B4&selectedIndex=2&ajax-hist=0&ajaxserp=0

https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=zR-w71ubE&id=A4DF195F0F59876DC93EC95184C4E88880511B32&thid=OIP.zRw71ubEcZN2lsq4LyQJBQHaEc&mediaurl=https%3a%2f%2fphilnews.ph%2fwp-content%2fuploads%2f2019%2f03%2fTNT-Boys.jpg&exph=450&expw=750&q=t-nt+boys&simid=607997902729265214&FORM=IRPRST&ck=FAADF8DA188F59B90359F-711B1657852&selectedIndex=1&ajaxhist=0&ajaxserp=0

https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=JCEi-joOd&id=277E8702ADCBB9BEE9ACDBEABDF3971024790226&thid=OIP.JCEijoOd2Ou_Q15P-1WfpQHaJR&mediaurl=https%3a%2f%2fth.bing.com%2fth%2fid%2fR.2421228e839dd8ebbf435e4ffb559fa5%-3frik%3dJgJ5JBCX873q2w%26riu%3dhttp%253a%252f%252fwww.deped.gov.ph%252fwp-content%252fuploads%252f2018%252f10%252fHIDILYN-web.png%26ehk%3dr%252f8z3P9dWLuZFMyRApscsjUIYefnVfx4d2G5qeH-sIO8%253d%26risl%3d%26pid%3dImgRaw%26r%3d0&exph=654&expw=522&q=hi-dilyn+diaz&simid=608037699882984635&FORM=IRPRST&ck=10F186DBE-7BE7A40AA09ACA19DB85B49&selectedIndex=10&ajaxhist=0&ajaxserp=0

비매품/무료
13370
9 791187 819851
ISBN 979-11-87819-85-1